

# Mga Patnubay sa mga Klaseng Pangkampus para sa mga Pamilyang Multikultural

- Sa pagtatransisyon sa pagpapanatili ng distansiya sa pang-araw-araw na buhay kaugnay ng COVID-19, ang payugto at pinagsunud-sunod na muling pagbubukas ng mga mababa, gitna, at mataas na paaralan ay magsisimula sa buong bansa sa 2020.

[Petsa ng pagsisimula para sa mga klase ayon sa baitang]

Yugto	Iskedyul	Mga tinutukoy na mag-aaral		
		Mataas na Paaralan	Gitnang Paaralan	Mababang Paaralan
Panimulang yugto	Ika-20 ng Mayo (Miyerkules)	Ikatlong taon	-	-
Unang yugto	Ika-27 ng Mayo (Miyerkules)	Ikalawang taon	Ikatlong taon	Una at ikalawang taon, elementarya + kindergarten
Ikalawang yugto	Ika-3 ng Hunyo (Miyerkules)	Unang taon	Ikalawang taon	Ikatlo at ika-apat na taon, elementarya
Ikatlong yugto	Ika-8 ng Hunyo (Lunes)	-	Unang taon	Ikalima at ika-anim na taon, elementarya

- ※ Papayagan ang mas maliliit na mababa at gitnang paaralang may hindi hihigit sa 60 mag-aaral sa rehiyon, hindi kabilang ang mga natatangi at punong-lungsod, na muling buksan ang kanilang mga klaseng pangkampus mula ika-20 ng Mayo, at indibidwal na pagpapasyahan ang mga petsa at pamamaraan ayon sa mga kalagayang munisipal at panlalawigan.
- Bibigyan ang mga indibidwal na munisipal at panlalawigang tanggapan ng edukasyon at paaralan ng diskresyong magpasya kung paano pamamahalaan ang iba't ibang pang-akademikong abal-abal\* na isinasalang-alang ang mga takbo ng nakahahawang sakit kada rehiyon at kasiksikan kada paaralan. Mangyaring sundin ang mga tagubilin ng bawat paaralan para sa mga karagdagang detalye tungkol sa mga klaseng pangkampus.
- \* △ Pag-aatubili ng mga oras ng paaralan kada baitang at klase △ Pagkakaroon ng halo ng mga malayuang klase at mga klaseng pangkampus, △ Pagtatalaga ng ilan sa mga klase sa umaga at ng iba sa hapon, △ Pagkakaroon ng hutuking pagtalakay (flexible approach) sa haba ng mga klase, atbp.
- Simula isang linggo bago ang pagsisimula ng mga klaseng pangkampus, dapat lumahok ang bawat pamilya sa sariling pagsusuring-aral ng kondisyong pangkalusugan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng sistemang pagsisiyasat ng NEIS. **Tingnan ang [Unang Kalakip].**
- Dapat makipag-ugnayan ang mga mag-aaral na pinaghihinalaang may COVID-19 (lagnat na 37.5°C o mas mataas, mga panghingang sintomas) sa kanilang mga guro sa homeroom nang hindi bumabalik sa paaralan.
- Mangyaring sundin ang mga pag-iingat habang nasa paaralan, tulad ng malimit na bentilasyon pati na rin pagdidisimpekta ng mga indibidwal na mesa at mga personal na ari-arian, pagsusuot ng maskara, paghuhugas ng mga kamay, pagsasagawa ng mabuting asal pagdating sa pag-ubo, at agad na pagbibigay-alam kapag masama ang pakiramdam. **Tingnan ang [Ikalawang Kalakip].**

## Gabay sa Sariling Pagsusuring-aral ng Kondisyong Pangkalusugan ng mga Mag-aaral at Palatanungan para sa Pagsisiyasat

<Abisong SMS para sa paglahok sa sariling pagsusuring-aral ng kondisyong pangkalusugan ng mga mag-aaral (halimbawa)>

[○○○○ Paaralan: Gabay sa Sariling Pagsusuring-aral ng Kondisyong Pangkalusugan ng mga Mag-aaral Upang Mapigilan ang COVID-19]

Ito ay isang pagsisiyasat na pagsusuring-aral ng kondisyong pangkalusugan ng mga mag-aaral bilang bahagi ng mga hakbang para mapigilan ang COVID-19.

\* Panahon ng paglahok: Mula 00 00, 2020 hanggang sa wakas (araw-araw)

\* Sa kaso ng mga legal na tagapag-alaga, ibigay ang (mga) kondisyong pangkalusugan ng (mga) mag-aaral.

[Paano lumahok agad] [https://eduro.\(si/do-domain\).go.kr/hcheck/index.jsp/](https://eduro.(si/do-domain).go.kr/hcheck/index.jsp/)

\* Kung nahihirapan kang i-click ang address para sa pakikilahok, lumahok tulad ng sumusunod:

[Direktang pag-access]

1. Ipasok ang URL ([https://eduro.\(si/do-domain\).go.kr/hcheck/index.jsp/](https://eduro.(si/do-domain).go.kr/hcheck/index.jsp/)).
2. I-click ang "Ipasok ang numero ng pagpapatunay" (kung wala kang numero ng pagpapatunay, piliin ang "Ipasok ang impormasyon ng pampaaralang talaan" at magpatuloy).
3. Ipasok ang natanggap na numero ng pagpapatunay sa OOOOOO.
4. Tingna ang istado at i-click ang pindutang Ipasa.

### <Palatanungan para sa Pagsisiyasat na Sariling Pagsusuring-aral ng Kondisyong Pangkalusugan ng mga Mag-aaral>

Tatasahan ng palatanungang ito ang kondisyong pangkalusugan ng mga mag-aaral upang mapigilan ang COVID-19. Mangyaring sagutan ang pagsisiyasat nang tapat.

1. **May lagnat ba ang mag-aaral?** (Piliin ang tumutugma)

☐ Mas mababa sa 37.5°C ☐ Mas mababa sa 37.5°C~38°C o parang lalagnatin ☐ Mas mataas sa 38°C

2. **Nagpapakita ba ang mag-aaral ng anumang mga sintomas na pinaghihinalaang sa COVID-19?** (Piliin ang lahat ng tumutugma)

☐ Hindi ☐ Ubo ☐ Pananakit ng lalamunan ☐ Nahihirapang huminga ☐ Pagtatae ☐ Pagkahilo (pagsusuka) ☐ Pagkawala ng panlasa at pang-amoy

3. **Nangibang-bansa ba ang mag-aaral kamakailan lamang (sa loob ng nakaraang 14 na araw)?**

☐ Hindi ☐ Oo

4. **Nangibang-bansa ba kamakailan lamang ang sinuman sa iyong mga kapamilyang kasama mo sa bahay (sa loob ng nakaraang 14 na araw)?**

☐ Hindi ☐ Oo

5. **Mayroon ka bang mga kapamilyang kasama mo sa bahay na nakabolutaryong kwarantina?**

☐ Wala ☐ Meron

### <Abiso ng Pagiging Karapat-dapat para sa mga Klaseng Pangkampus>

Dahil walang pinapakitang kahina-hinalang mga sintomas ang resulta ng iyong pagsisiyasat na sariling pagsusuring-aral para sa pagpigil ng COVID-19, karapat-dapat kang bumalik sa paaralan.

**<Abiso ng Suspensyon ng mga Klaseng Pangkampus>**

1. Yamang kinakailangan ng iyong anak ng proteksyon sa loob ng inyong tahanan dahil sa kanyang kondisyong pangkalusugan, mangyaring pagbawalan siyang bumalik sa paaralan hanggang makatanggap ng karagdagang abiso para sa malusog na buhay-paaralan ng ating mga anak.
2. Kahit na hundi bumalik ang bata sa paaralan, ituturing na pumasok siya. Mangyaring magbigay ng proteksyon upang masigurong susundin ng mag-aaral ang mga pag-iingat sa tahanan at magkakaroon ng sapat na pahinga hanggang mawala ang kanyang lagnat at mga panghingang sintomas (ubo, pananakit ng lalamunan, atbp.).
3. Kung hindi mawawala ang lagnat na mas mataas sa 38°C, o kung lalala ang mga sintomas, mangyaring makipag-ugnayan sa sentrong pangtawag (☎ 1339, palahudyatan ng pook +120) o sa nauugnay na lokal na sentrong pangkalusugan at sundin ang mga tagubilin tulad ng pagbisita sa isang sentrong nagsasala at pagpapagamot.

### Isang Matalinong Buhay-Paaralan Upang Mapigilan ang COVID-19



#### Buksan ang mga bintana nang madalas upang makapasok ang sariwang hangin at linisin ang iyong mesa nang regular.

- Buksan ang mga bintana paminsan-minsan para sa kalusugan mo at ng mga kaibigan mo.  
Lalo na, gawin ito pagkarating sa paaralan at sa oras ng pahinga, tanghalian, at paglilinis!
- Linisin ang iyong sariling mesa nang regular.

#### Ganito dapat ang iyong buhay-paaralan:

- Palaging magsuot ng maskara sa mga oras ng klase at pahinga.
- Maghugas ng mga kamay nang madalas.
- Kapag uubo o hahatsing, takpan ang iyong bibig at ilong ng iyong manggas.
- Iwasan ang pisikal na kontak, tulad ng paghahawak-kamay.
- Huwag hayaang gamitin ng iba ang iyong mga personal na ari-arian.



#### Magpakita ng konsiderasyon sa iyong mga kaibigan sa oras ng tanghalian.

- Sa kainan ng paaralan, pumila nang may distansyang dalawang braso sa isa't isa.
- Huwag makipag-usap habang kumakain.
- Tanggalin ang iyong maskara bago kumain at agad na isuot pag tapos na.

#### Kung masama ang pakiramdam mo, sabihan ang iyong guro.

- Kung nakararanas ka ng lagnat, pananakit ng lalamunan, ubo, o sipon, sabihan agad ang iyong guro.
- Kung magpositibo ang kaibigan mo, huwag mataranta; sundin lamang ang mga tagubilin ng iyong guro.

